جمعية سبيلي
Jeddah Midwest Dawah Association
جمعية وسط وغرب جدة الأهلية
للدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات

# ANG KASAYSAYAN NG ISLAAM SA PILIPINAS

إعداد : عبدالحكيم عبدالمجيد
HAKIM ISAHAC MADJID



تاريخ الإسلام في الفلبين
اللغة الفلبينية

بسم الله الرحمن الرحيم
الحمد لله ، والصلاة والسلام على رسول الله :

# Maikling Kasaysayan ng Islaam sa Pilipinas

**Bago dumating sa pilipinas ang ibat-ibang aral tungkol sa pananampalataya, likas na sa ating mga ninunong pilipino ang sumamba sa Diyos. Bagama't ito ay hindi ayon sa katotohanan, sapagkat sila ay mabibilang sa tinatawag na (Animist) sumasamba sa lahat ng mga bagay na nilikha 0 mga taong maliban sa dakilang Lumikha.**

**Ang sinasamba ng ating mga ninunu noon ay mga bundok, araw, bituin, puno, kidlat, kulog, apoy at iba pa. Ngunit nang dumating ang aral ng Islaam, ang tunay na relihiyon na nagmula sa "Allah Subhaanahu Wa ta-ala" Nagkaroon ng ganap na pagbabago sa kanilang buhay at relihiyon, naitatag nila ang isang pamayanang Muslim, ngunit ito'y hindi nagtagal nang dumating ang mga KASTILA sa bansang Pilipinas sinakop nila ito, at pinilit nilang palitan ang relihiyong Islaam sa pamamagitan ng dulo ng Espada.**

**Ang relihiyong Islaam ay unang inihayag sa pilipinas noong 1380 ng isang Arabo na si Sharif Makhdum, itinayo niya ang unang Masjid sa Pilipinas sa Tubig Indangan, Simunul, Tawi-Tawi. Si Sharif Makhdum ay namatay sa Isla ng Sibutu at doon na rin siya inilibing.**

**Mahigit kumulang 10 taon din siyang nagpahayag ng Islaam ngunit namatay rin siya noong 1390, Si Raja Baginda ay dumating sa bansang pilipinas at itinuloy niya ang naiwang gawain ni Sharif Makhdum. Ganon din naman dumating Si Abu Bakr sa Jolo noong 1450 at di naglaon siya ay Ikinasal sa anak ni Rajah**

Baginda. Si prinsesa Paramisuli at Abu Bakr ang nagsimula ng Sultanate sa Sulu. At sila ang kauna-unahang naging Sultan at Sultana, ng Sulu archipelago.

Matapos maitatag ang relihiyong Islam sa Sulu, ang mga Muslim ay kumilos patungong Mindanao sa pamumuno ni Sharif Kabongsuwan sila ay dumaong sa Maguindanao (ngayon ay Cotabato) noong 1475, at di naglaon siya ay ikinasal kay prinsesa Tunina sila ang unang Sultan at Sultana sa Maguindanao.

Nang sumunod na mga taon, maraming Muslim na mga datu mula sa Borneo ang dumating sa Pilipinas ng nabalitaan nila ang mabuting pagtanggap ng mga pilipino. Dumating sa Pilipinas ang sampung datu at sila ay dumaong sa Panay.



Si Datu Puti, Datu Sumakwil, Bangkaya, Dumangsol, Paiborong, Paduhinog, Ubay, Dumangsil, Dumalogdog, Balensuwela.

Si Datu Puti ang pinuno ng pangkat na Ito sapagkat bihasa siya sa paglalakbay dagat. Sila ay dumaong sa Ilo-Ilo, noong araw ay kilala sa tawag na Siwanagar, at binili nila ang mababang bahagi ng Ilo-Ilo kay Marikudo na pinuno ng mga Itas, at naitatag nila ang kumunidad ng Islaam doon.

Si Datu Puti, Balensuwela, at Dumangsil ay naglayag patungong Norte, at sila ay dumaong sa Batangas. itinatag nila ang kumunidad ng Islaam.

## ANG PAGDATING NG MGA KASTILA AT KRISTIYANISMO

**Nang dumating si Magellan noong Marso 16, 1521, ang Pilipinas ay isang bansang Muslim.**

**144 taon na ang relihiyong Islaam sa bansang pilipinas bago pa dumating ang mga kastila o ang Kristiyanismo. Isang bansang sumasamba sa nag-iisang Diyos ang Allah.**

**Katotohanang nakatala sa kasaysayan ng bansang Pilipinas nang dumating si Legaspi (kapalit ng namatay na si Magellan). Ang kumunidad ng mga Muslim ay ganap ng naitatag sa Batangas, Pampanga, Mindoro, Panay, Catanduanes, Cebu, Samar, Manila, Palawan, Mindanao at Sulu. Unang nagtanggol ng Islam ay si Gat Lapu Lapu. Noong Hunyo 3, 1571 ay naglunsad ang mga kastila ng isang malaking pakikidigma sa mga Muslim sa Maynila.**

**Ang Maynila noon ay pinamumunuan ni Rajah Sulaiman buong tapang niyang pinagtanggol ang Islam. Hanggang sa huling patak ng kanyang dugo doon sa bangkusay sa baybay dagat ng Tondo. Pinilit nilang palitan ang relihiyong Islaam.**

**Ang mga Kastila ay hindi tumigil sa pananakop, at hinahangad nila na sakupin din ang Mindanao ngunit ang mga Muslim doon gaya ng Maranaw, Maguindanao, Tausog, Yakan, Samal at iba pang mga tribo buong tapang nilang ipinagtanggol ang Islaam hindi nila pinayagan ang mga dayuhan at patuloy parin ipinagtanggol ang Islaam hanggang ngayon.**

**400 taong nanatili ang mga Kastila sa Pilipinas at nagwakas noong 1898 nang agawin ng bansang Amerika ang Pilipinas.**

# MGA MAIKLING PAYO PARA SA MGA KABABAYAN

**Ang relihiyong Islaam, Ito ang relihiyon ng kauna-unahang tao na nilikha ng Allah ang ating ninuno na si Adan, at ang lahat ng mga Propeta na sinugo Niya: (Adam- Adan), (Alyasa'- Elisha), Ayyub- Job), (Dawud- David), (Dhulkifl-Dhul-kifl), (Harun- Aaron), (Hud-Hud), (Ibrahim-Abraham), (Idris-Enoch), (Iliyas-Elias), (Zakariyya-Zechariah), (Yusuf- Joseph), (Yunus- Jonah), (Yahya- Jhon), (Ya'qub-Jacob), (Sulaiman-Solomon), (Shu'aib-Shuaib), (Salih-Salih), (Nuh- Noah), (Musa-Moses), (Ismail-Ishmael), (Lut-Lot), (Ishaq-Isaac) (Isa- Jesus), (Muhammad-Muhammad or Ahmad). Sumakanilang lahat ang kapayapaan. Walang pagkakaiba ang kanilang mga katuruan. At ang kanilang relihiyon walang iba kundi ang Islaam. Ang sabi ni Allah" sa Banal na Qur-an.**

قال تعالى (إِنَّ الدِّينَ عِندَ اللّهِ الإسلام) سورة آل عمران 19

**Katotohanan, Islam ang tunay na reilihiyon na nagmula kay Allah.**

**Alalahanin ang Islaam ay hindi pag-aari ng sinuman. Ito ay hindi lamang nakalaan para sa mga Arabo, kundi sakop nito ang lahat ng uri o angkan ng tao, at ito ay hindi rin para sa mga mayaman kundi pati na rin sa mga mahihirap, at ito ay bukas para sa lahat.**

**Ang pananampalatayang (Islam) Ito ay para sa Allah lamang, kaya't nararapat na ang pagyakap sa relihiyong ito ay alang-alang sa nag iisang tagapaglikha, hindi para sa pansarili niyang kapakanan.**


**Ang Islam ay isang banal, at kumpletong pamamaraan ng buhay, ngunit ang mga**

Muslim na tagasunod nito ay tao lamang, gumagawa ng mga kabutihan, at minsan naman sila ay nagkakamali, kaya huwag nating husgahan ang Islam sa anumang pagkakamali ng mga Muslim. Dahil ang katotohanan ay walang ibang relihiyon ang tanging tatanggapin ng Allah maliban sa relihiyong Islam. Ang sabi ni Allah" sa Banal na Qur-an 2:111-112

قال تعالى ( وَمَن يَبْتَغِ غَيْرَ الْإِسْلَامِ دِينًا فَلَن يُقْبَلَ مِنْهُ وَهُوَ فِي الْآخِرَةِ مِنَ الْخَاسِرِينَ ) سورة آل عمران 85

Ang sinumang magnais ng relihiyon maliban sa relihiyong Islam, ito ay hindi tatanggapin sa kanya at sa kabilang buhay, siya ay nasa hanay ng mga talunan

Sa huli hinihiling po namin sa Allah Nawa'y gawin niyang kapaki-pakinabang ang babasahing ito, buksan at bigyan ng liwanag ang ating mga puso at isipan at igabay tayong lahat sa matuwid na landas, ang bawat isa ay aming Inaanyayahan sa Relihiyong Islaam...




920008669
0558845030
www.jeddawa.sa JedDawaSA
مسجلة في المركز الوطني لتنمية القطاع غير الربحي برقم ( ٣١٩٧ )

SA6780000223608010010008
SA0510000013149477000102